

MGA WIKA NG PILIPINAS: SUSI NG PAG-UNLAD

ni Purificacion G. Delima, Ph. D.

Dahil sa walang tiyak na paksang binanggit ang imbitasyon ko para sa panayam na ito nais kong iugnay na lamang ang aking panayam sa tema ng pagdiriwang ng buwan ng wika. Hayaan ninyong batiin ko muna ang Komisyon sa pagkakapili nito sa unang pagkakataon ng isang temang kumikilala sa iba pang mga wika sa bansa, maliban sa pambansang wika. Mangyaring ito na sana ang umpisa ng tunay na pag-usad ng Filipino, na ang susi ay ang mga wika sa buong bansa. Ito ang paksang nais kong bigyan ng paliwanag. Paano magiging susi ang mga wika sa Pilipinas para sa pagpapayaman at pagpapaunlad ng Filipino

Ang Konstitusyon ng 1986 ang nagsasaad na pagyayamanin at pauunlarin ang Filipino bilang pambansang wika ng iba't ibang wika sa kapuluan. Dahil sa mandatong ito ng saligang batas nararapat lamang na bigyan ito ng kaukulang katuparan. Subalit ang pagpapayaman ng wika, ayon sa mga dalubwika, ay hindi epektibong isinasabatas. Bagkus, ito ay binibigyan ng porma mula sa pagtatala ng mga pamamaraan ng aktuwal na paggamit ng mga tagapagsalita. Ang teknikal na termino sa prosesong ito ng pag-aaral ng wika ay kodipikasyon. Ang prosesong ito ang magpapakita ng patunay na ang pambansang wika ay mayaman na sa kaanyuan at tunay nang pambansang wika ayon sa kagustuhan ng konstitusyon. Makikita na ito ay nagagamit ng lahat ng Filipino at malayang pinapagyaman ng mga sarili nilang katutubong wika.

Kung kaya ito ngayon ang dapat tingnan ng Komisyon – ano ang anyo ng Filipino sa Amianang Luzon, sa Timog Luzon, sa Visayas, sa Mindanao, o sa mga sentro ng urbanisasyon? At mula sa malawakang database, ay bumuo ng isang deskriptibong grammar na naglalahad ng mga baryasyon ng Filipino na kumikilala sa kontribusyon ng mga iba-ibang wika sa iba-ibang lebel na linggwistika.

Ang pagpapalawak ng kaalaman sa grammar na ito sa paaralan ay paraan na rin ng pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral sa mga wika sa Pilipinas, kaalinsabay ng pagkatuto nila sa mga kulturang gumagamit nito sa kanilang mga asignaturang katulad ng Makabayan at iba pa.

Ang mga katutubong wika ng Pilipinas ay mayaman sa kani-kanilang natatanging katangian. Kung kaya madaling mapagyayaman ang Filipino sa natural na kontak nito sa mga katutubong wika ng bansa. At katulad ng aking sinabi, ang prosesong ito ay nangyayari na sa buong kapuluan, dahil ang Filipino bilang pambansang wika ay ginagamit na lingua franca ng lahat ng kultura sa bansa.

Hayaan ninyong bigyan ko kayo ng empirikal na ebidensya ng buhay na Filipino na pinagyaman ng ating mga katutubong wika sa Amianang Luzon, sa pamamagitan ng mga linggwistik na proseso ng panghihiram, incorporation, codeswitching at morphological transfer. Ang ebidensyang ito ay sinipi ko mula sa aking disertasyon noong 1993 pa, isang pag-aaral na ginawaran ng DOST at Kolehiyo ng Edukasyon ng UP ng Outstanding Dissertation Award, bilang pagkilala sa una at natatanging pag-aaral ukol sa paksa. Pinamagatang “Emerging Filipino Variety as Interlanguage among Native and Non-Native Speakers: A Descriptive Analysis,” ang pag-aaral ay malawak na nagpapakita ng isang interlinggwal na Filipino na inaari na ng ating mga kababayan sa Metro Baguio.

Ilan lamang sa mga paglalarawan ng uri ng Filipino sa Amianang Luzon ay ang mga sumusunod at dito makikita ang ambag ng mga wika ng Pilipinas sa natural na proseso:

Leksikal (salita)

Borrowing (BOR)

Incorporation (INC) (Tag.)

“Halimbawa yung mga *tribal leaders* (BOR) din dito sa Kordilyera, bakit iginagalang yung mga lallabay? (‘elders’) (Igor / Ilk)? INC - (Tag. Speaker).

“... eh butbut (‘with holes’ (Ilk.) (INC) na mga butbut (INC) pa yung jacket (BOR). Butbut (INC) nga, dugyot (‘shabby’ (Ilk) (INC) pa (Tag. Speaker)

(Morphological)

Transfer (N Tag)

“Ang magdiwang naman ngayon ang *nagtawag ng pulong.”

*tumawag (Tag) nagtawag (Ilk L1 transfer)

(Full Partial)

Codeswitching (N Tag-Ilk)

“Kaya pag-uwi ng nanang dito... (INC) (Partial)

Ayanna ngay, nakkong, dianay T-square mo? ‘Ay, nanang ko, nabuong.’ (‘Where then, my child, is your T-square? Ay, my mother, (it) broke.’)

Kaya nga sinabi ko sa aking pag-aaral ang mga naging konklusyon na sa aking palagay ay napakahalaga at dapat nang pagtuunan ngayon ng pansin.

- (1) The Tag and N Tag dichotomy created by the old Pilipino national language non-existent; they come from a homogenous population insofar as AFV is concerned; their speech performance differs only in degree, not in kind.
- (2) Regional Filipino societies exist all over the Philippines, with characters distinct only to the region where it is spoken as a result of the influence of the languages spoken in the region.
- (3) The national language Filipino can be standardized to become truly a national language by codifying all existing Filipino varieties and make their distinct characters part of Filipino.

Ang mga nabanggit na mga pahayag ay ginawa ko noong pang 1993, parehong mga pahayag ay uulitin ko na kailangan nang bigyan ng kaukulang pansin kung nais nating maliwanagan na ng lahat ang tunay ngang kaanyuan ng ating pambansang wika.

Sa ngayon ang pinagkakaabalang ayusin ay ang alfabeto at ang istandardisasyon ng ispeleng o ortograpiya ng Filipino. Ang masasabi ko lang tungkol dito ay noon pa mang binuo ang alfabeto ng pambansang wika noong ito ay Pilipino pa, dapat lamang ay binigyan na nang kaukulang importansiya ang iba pang mga wika ng Pilipinas. Ang mga tunog o fonemang / f, v, t^o, dz, ° / ay hindi naman isinaalang-alang lamang ang mga ibang wika ng Pilipinas.

Hindi na tayo lalayo pa, sa Amianang Luzon ay nandiyan ang mga wika ng Kordilyera – ang Bontoc Kankanaey at Ibaloi, at ang Ivatan at Itawes sa Rehiyon II na nagtataglay ng ganitong mga tunog at isinusulat din sa pamamagitan ng letrang f, v, ch, sh at j. Kung kaya sa pagsulat o ispeleng sa Filipino, ang ibang mga wika pa rin ng Pilipinas ang pwedeng gamiting batayan. Magbigay tayo ng ehemplo.

Mga salitang may tunog /f, v, t^o, °, dz/:

Bontoc - / f / fotelya ‘bottle’; afung ‘house’
/ t^o / chanum ‘water’ laychum ‘like it’

Ibaloi - / ° / shalan 'pathway' ; shakshalean 'footbridge'
/ d ° / jamjam 'to scold'
japasan 'dismounting point'

Ivatan - / v / viay 'life'
Ivatan (ang wika ng Batanes)

Itawes - / f / gafin 'reason'
/ v / vulva 'one'

Dagdag pa rito, hindi ba't ang Chavacano ang lenggwahe ay sa Luzon at Mindanao at ito ay nagtataglay ng tunog / f ° / at / v / din? Dagdag pa di ba ang / z / ay nasa pangngalang pantanging Luzon.

Ang aking tanong – bakit hindi ito nakita noong unang ginawa ang ating alfabeto na tinawag noong ABAKADA? Kung noon pa man ay ginawa nang basehan ng pambansang wika ang lahat ng mga wika sa Pilipinas, ang pag-aaral sana nito sa ating mga eskwelahan ay malawak na at hindi na nagdulot ng paghahati-hati sa ating mga kababayan. Pero hindi pa huli ang lahat. Malakas pa rin ang aking kumpiyansa na ang ating pambansang wika ngayon – ang FILIPINO – at ang pagpapalawak at pagpapayaman nito ang siya pa ring magbubuklod sa atin para tayo ay sumulong sa pag-unlad sa ating kultura at kabuhayan. Ang patuloy nating adhikain ay ang patuloy na pagpapayaman at pagmantini ng iba't ibang kultura at mga wika dito sa ating bansa at sa buong mundo, katulad ng deklarasyon noong 2001 ng UNESCO bilang taon ng Cultural Diversity – patunay lamang na ito ay isinusulong sa buong mundo.

Ang pagkilala natin sa ating mga katutubong wika ay tumutugon sa direksyon ng pagkilala sa karapatan ng ating mga kulturang Filipino na panatilihing buhay ang kanilang mga sariling wika. Umaayon ito sa global na frymwork ng cultural diversity at linguistic diversity ng UNESCO, isang paraang kokontra sa maaring maging epekto ng malawakang globalisasyon sa mundo.

Ang huli kong paalala ay ito: kung hindi tayo kikilos ngayon na pantilihing buhay ang ating mga katutubong wika, magigising na lamang tayo minsan na nabura na sa mapa ang ating kultura. Ang wika ay tumatayong kongkretong pagkakakilalaln ng kultura. Patayin mo ang wika, pinatay mo na rin ang kultura.

Maraming salamat.

pgdelima@yahoo.com
09216266333
PG Delima
(074)4448393 (school)
(074)4456541 (home)